





Ang Pagpasok ng isang Peritoneal Dialysis Catheter Habang Nakahiga: Ano ito? Ano ang maaasahan kong mangyari?

- May ilalagay na tube (catheter) sa inyong tiyan.
- Mangyaring dumating sa ospital isang oras bago ng inyong procedure. Ang procedure ay aabutin nang 45 minuto. Mananatili kayo sa ospital nang mga 3 oras pagkatapos ng procedure. Minsan ay hihilingin kayong manatili nang magdamag.
- Gising kayo habang isinasagawa ang procedure. Maaaring bigyan kayo ng mga gamot upang magrelaks kayo o upang paantukin kayo.
- Ang inyong doktor ay maglalagay ng local freezing (anaesthesia) sa inyong tiyan. Dapat ay wala kayong mararamdang pananakit habang isinasagawa ang procedure.
- Ang inyong doktor ay gagawa ng 2 maliliit na hiwa malapit sa inyong pusod. Ang isang hiwa ay magkakaroon ng tahi at may lalabas naman na tube sa kabila (labasan). Ang inyong mga hiwa ay tatakpan ng malaking dressing o gasa.
- Sa karamihan ng mga kaso, ang inyong catheter ay hindi gagamitin para sa dialysis nang 2 linggo man lamang pagkatapos ito inilagay (kadalasan mas matagal) upang ito’y gumaling.



Mga sampol na catheter



Kung saan ilalagay ang catheter

Mga mahalagang telepono

Kidney Doctor _____

Peritoneal Dialysis Unit _____

Kidney Clinic _____

Ang impormasyon sa polyetong ito ay ibinibigay para magbigay kaalaman at magbigay ng impormasyon, at upang suportahan ang pakikipag-usap sa inyong health care team tungkol sa inyong medikal na kondisyon at pagpapagamot. Hindi ito medikal na payô at hindi ito dapat kapalit ng payô na ibinibigay ng inyong doktor o ng ibang kwalipikadong propesyonal sa health care.

